# Panibagong Simula sa 2021

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
January 2, 2021

Ang bagong taon ay laging nagbibigay sa atin ng panibagong simula. Isa itong pagkakataon para makapagnilay at makagawa ng mga resolusyon hindi lamang sa pisikal o sa pananalapi, ngunit higit sa lahat, sa aspektong espirituwal. 15% o 20% bahagdan lamang ang nakatutupad sa mga resolusyong ito. Ang mga hindi natin natupad na mga resolusyon ay nagpapakita lamang na di natin kayang baguhin ang ating sarili; Diyos lamang ang makababago sa atin.

**Diyos lamang ang may kakayahang baguhin tayo.**

**-**Hindi gaya natin, tapat ang Diyos sa kanyang mga pangako. Umasa tayo sa Kanya at laging iisipin na alam Niya ang kanyang mga plano para sa atin sa darating na 2021 (Lam. 3:22; Jer. 29:11; Eccl. 3:11; Isa. 43:18-19).

-Pinahihintulutan Niya ang mga di magandang pangyayari, ngunit ito'y may dakilang dahilan (Is. 55:8-9).

**Mga Positibong Epekto ng Pandemya 2020**

1. Nakatulong sa mas malalim na relasyon.
2. Naging mas maingat tayo pagdating sa kalinisan at kalusugan.
3. Nabago ang ating paraan ng pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan.
4. Naging opisina natin ang ating bahay.
5. Naging *digital* ang paraan ng pagtuturo.

**Paano Magkaroon ng Panibagong Simula sa 2021**

**1.Unahin ang Pakikipag-ugnayan sa Diyos**

1.1 Kausapan Siya dahil alam Niya ang pinakamagandang plano para sa atin. Patibayin ang ating relasyon sa Diyos. Kung mananatili tayo sa Kanya, ipagkakaloob Niya anuman ang hingin natin (Jn. 15:7).

1.2 Manalangin pagkagising sa umaga, tulad ni Jesus (Mk. 1:35). Ugaliin natin ang pakikipag-usap sa Diyos araw-araw, at gawing gabay ang banal na kasulatan (Gen. 5:22-24; Awit 119:105;Rom. 10:17).

**2. Magbalik-loob**

2.1 Humingi ng kapatawaran sa mga nagawang kasalanan. Ang paglilinis Niya sa ating puso ang simula ng ating pagbabagong buhay. Lumakad tayo sa liwanag ng Diyos at umasa sa magandang bukas (1Jn. 1:5,8-9; Mikas 7:19).

**3. Katabi natin Siya lagi**

Maari natin Siyang tawagin kahit anong oras, kaya't hindi tayo dapat matakot (Awit 139:7-12; Heb. 13:5;1Cor. 10:13).

**4. Maging determinado** tayo sa pagkakaroon ng panibagong simula.

**5. Kalimutan ang nakaraan**

Bakit hindi matanaw ang bukas?
5.1 Panghihinayang
5.2 Maginhawang buhay
5.3 Takot

**6. Limutin ang nakaraan at sikaping makamit ang hinaharap** (Filipos 3:13-14).

**7. Baguhin ang isip** upang mabatid ang kalooban ng Diyos (Rom. 12:2; Col. 3:2; Fil. 4:8).

**8. Baguhin ang tingin sa sarili**

Anak tayo ng Diyos, kaya't mahalaga tayo. Hindi pa tapos ang Diyos sa paghubog sa atin.

**9. Baguhin ang isip** kung ano ang tingin ng Diyos sa atin. "Kaya't ang sinumang nakipagkaisa kay Cristo ay isa ng bagong nilalang" (2 Cor. 5:17).

**10. Magkaroon ng pananaw**

Habang tinutupad natin ang ating resolusyon, maging mapagpakumbaba (1Cor. 10:12; Kaw 16:18; San. 4:6; 1Cor. 9:19; 1Cor. 4:7).

**Konklusyon:**

Magandang simulan ang taon sa pagkakaroon ng resolusyon at layunin sa hinaharap." Ngunit pagsumikapan natin nang higit sa lahat ang pagharian tayo ng Diyos at mamuhay nang ayon sa Kanyang kalooban at ipagkakaloob Niya ang lahat ng ating pangangailangan (Mt. 6:33).

**Pagninilay:**

Ano ang dapat mong gawin para kay Cristo sa 2021?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials

#Resolusyonsabagongtaon #panibagongsimula #banalnakasulatan #resolusyongespirituwal #magbalikloobsaDiyos